Ano ang FAFSA?

Ang FAFSA ay ang ***L**ibreng **A**plikasyon para sa **P**ederal na **T**ulong sa **E**studyante (**F**ree **A**pplication for **F**ederal **S**tudent **A**id)* ng Pederal na Kagawaran ng Edukasyon (www.fafsa.ed.gov). Ito ang pinakamahalagang dokumento na kailangang kumpletuhin ng bawat estudyante dahil ito ay magbibigay-daan para sa lahat ng uri ng posibleng tulong pinansyal habang ang estudyante ay nag-aaral sa kolehiyo.

Ano ang isang PIN?

Ang PIN ay nagsisilbing elektroniko mong lagda at naglalaan ng pagpapasok sa iyong mga personal na rekord. Ang PIN ay binubuo ng 4 na numerong mahalaga para lagdaan at ganap na kumpletuhin ang iyong FAFSA. Maaari kang mag-aplay para sa isang PIN sa www.pin.ed.gov. Kung ikaw ay isang "dependiyenteng" estudyante, dapat mag-aplay din ang iyong magulang para sa isang PIN dahil ikaw at ang iyong magulang ay kakailanganing "lumagda" sa FAFSA. Mahalaga rin ang iyong PIN kung kailangan mong gumawa ng mga pagwawasto sa iyong FAFSA.

Nakalimutan ko ang aking PIN. Ano ang gagawin ko?

Kung nawala o nakalimutan mo ang iyong PIN, kailangan mong humiling ng kapareho. Maaari kang humiling ng kaparehong PIN sa pamamagitan ng pagpili sa "Humiling ng Kaparehong PIN (Request A Duplicate PIN)" mula sa listahan sa kaliwang bahagi ng PIN Home Page (www.pin.ed.gov). Kailangan mong ilaan ang iyong Hamong Sagot (Challenge Answer) upang humiling ng kaparehong PIN.

Nakumpleto at napagkaloob ko na ang aking FAFSA. Ano ang kasunod na hakbang?

Matapos kumpletuhin ang iyong FAFSA, i-proseso ng Kagawaran ng Edukasyon ang iyong aplikasyon para suriin ang iyong pagiging karapat-dapat. Sa humigit-kumulang dalawa hanggang tatlong linggo matapos ipinagkaloob ang iyong FAFSA, makatatanggap ka ng isang **Ulat ng Tulong sa Estudyante (Student Aid Report, SAR)**, sa pamamagitan ng koreo o email.

Ano ang Ulat ng Tulong sa Estudyante (Student Aid Report, SAR)?

Ang iyong Ulat ng Tulong sa Estudyante (Student Aid Report, SAR) ay maglilista sa lahat ng sagot na iyong inilaan sa iyong FAFSA. Kailangan mong repasuhin nang maigi ang mga sagot na ito para masiguro na tama ang mga ito. At saka, ang ulat ay maglalahad sa iyong pagiging karapat-dapat para sa tulong pinansyal.

Kailangan kong gumawa ng mga pagwawasto sa aking SAR, ano ang gagawin ko?

Ang mga pagwawasto sa isang SAR ay maaaring gawin ng isang estudyante sa aktwal na SAR. Ang winastong SAR ay kailangang ikoreo sa Kagawaran ng Edukasyon. Kung elektroniko kang nag-aplay para sa iyong FAFSA, maaaring gawin ang mga pagwawasto online sa www.fafsa.ed.gov.

Kung kailangan mong gumawa ng anumang mga pagwawasto, pumunta sa home page ng FAFSA website (www.fafsa.ed.gov) at piliin ang "Gumawa ng mga Pagwawasto sa Naprosesong FAFSA (Make Corrections to a Processed FAFSA)" sa ilalim ng seksyong **Pagsusubaybay ng FAFSA (FAFSA Follow-Up)**. Maaari ka ring gumawa ng mga pagwawasto sa papel na SAR, kung nakatanggap ka ng isa, at ikoreo ito pabalik sa direksiyong inilaan.

Lilipat ako sa kasunod na semestre, paano ko malilipat ang aking Tulong Pinansyal sa isa pang paaralan?

Ang impormasyon sa pagiging karapat-dapat sa Tulong Pinansyal ay maaaring ipagkaloob sa isa pang institusyon sa pamamagitan ng pagdagdag sa kodigo ng paaralan (school code) ng institusyong dadaluhan mo sa iyong Ulat ng Tulong sa Estudyante. Ang pagdagdag ng dagdag na kodigo ng paaralan sa iyong SAR ay maaari ring gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa Kagawaran ng Edukasyon at pagpaalam sa kinatawan na dadalo ka sa isa pang kolehiyo, tel: (800) 433-3243. Kailangan meron kang Numero ng Paglabas ng mga Datos (Data Release Number, DRN), na nakikita sa kaliwang ilalim na bahagi ng iyong SAR, para gumawa ng mga pagbabago sa iyong SAR at/o para elektronikong maglabas ng mga kopya ng iyong SAR sa mga paaralang hindi mo linista sa iyong FAFSA.

Ano ang EFC?

Ang EFC ay ang Inaasahang Kontribusyon ng Pamilya (Expected Family Contribution) ng isang estudyante, ang halaga ng perang, ayon sa Pederal na pormula, inaasahang iambag ng estudyante o magulang tungo sa mga pang-edukasyong gastos. Ang EFC ay ibinatay sa impormasyong ipinagkaloob mo sa iyong FAFSA aplikasyon. Ang EFC ay hindi lamang ibinatay sa impormasyong sahod na iyong inilaan sa iyong FAFSA. Ang ibang mga katangiang inilaan sa FAFSA ay ginagamit din para kalkulahin ang EFC, gaya ng laki ng sambahayan, bilang ng mga miyembro ng pamilya na nag-aaral sa kolehiyo, atbp.

Anong uri ng Tulong Pinansyal ang maaari kong aplayan?

Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng FAFSA, ang iyong pagiging karapat-dapat ay sinusuri para sa Pell na Kaloob (Pell Grant), FSEOG, Pederal Trabaho Paaral (Federal Work Study), sa Programang Pautang ng Stafford (Stafford Loan Program) at sa Programang Pautang ng PLUS (PLUS Loan Program). Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa bawat uri ng tulong sa estudyante, mangyaring bumisita sa aming "Ano ang meron" impormasyong pahina (What is Available" information page). Kung kinumpleto mo ang isang GPA Beripikasyong Porma ng Komisyon ng Tulong sa Estudyante ng California (California Student Aid

Commission GPA Verification Form) sa Marso 2 o Setyembre 2 (sa mga estudyante ng Kolehiyo ng Komunidad lamang) kasama ng iyong FAFSA, ang iyong pagiging karapat-dapat ay maaaring suriin para sa isang Cal na Kaloob (Cal Grant).

Ano ang huling petsa para mag-aplay sa Tulong Pinansyal?

Ang pangunahing huling petsa ng aplikasyon para sa FAFSA ay Marso 2 ng bawat taon. Lubos naming hinihimok ang lahat ng estudyante na mag-aplay bago ang huling petsang Marso 2 upang masuri para sa lahat ng merong pederal na pondo. Kapag mas maaga kang mag-aplay, bibigyan ka ng higit na prioridad, kung karapat-dapat, sa mga pondong meron. Gayunman, kung hindi mo maipasa ang iyong FAFSA bago ang huling petsa, patuloy na magproseso ang Opisina ng Tulong Pinansyal hanggang sa Mayo ng bawat taon. Maaari kang magkaloob ng aplikasyon para sa tulong pinansyal hanggang sa huling araw ng pasukan para tingnan kung ikaw ay karapat-dapat na tumanggap ng pondo para sa akademikang taon na iyon.

Hindi ako isang Mamamayan ng U.S. Maaari pa rin ba akong mag-aplay para sa FAFSA?

Oo, kung ikaw ay karapat-dapat na di-mamamayan. Ayon sa mga pederal na patakaran, maaari kang maging karapat-dapat para sa tulong kung ikaw ay isang permanenteng naninirahan sa U.S. na may Kard ng Permanenteng Naninirahan (Permanent Resident Card), isang pansamantalang permanenteng naninirahan, o mayhawak ng isang rekord ng Pagdating-Pag-alis mula sa Kagawaran ng Kasiguruhan ng Bayan (Department of Homeland Security) na nagpapakita sa anuman sa mga sumusunod na titulo: "Takas (Refugee)," "Pinagkalooban ng Asilo (Asylum Granted)," "Parolee," "Biktima ng pagtatrapiko ng tao (Victim of human trafficking," mayhawak ng T-Visa, o "Aplikanteng Cuban-Haitian."

Meron ba kayong tulong pinansyal para sa mga Internasyonal na Estudyante?

Ang mga Internasyonal na Estudyanteng nag-aaral sa Kolehiyo ng Diablo Valley sa F1 o F2 na estudyanteng visa, J1 o J2 kapalit na bisita, o isang G seryeng visa ay hindi karapat-dapat para sa pederal na tulong sa estudyante. Gayunman, ang mga insternasyonal na estudyante ay karapat-dapat pa rin para sa mga pagpapaaral. Mangyaring bumisita sa Opisina ng Programang Pagpapaaral (Scholarship Program Office) sa Gusali ng Administrasyon sa Silid 110 o ng kanilang mga web page. Dagdag dito, ang mga internasyonal na estudyante ay maaari ring maging karapat-dapat mag-aplay para sa mga Estudyanteng Katulong (Student Assistant) na trabaho sa loob ng paaralan sa pamamagitan

ng pagtawag sa iba't ibang mga opisina sa paaralan para tingnan kung merong anumang kasalukuyang bakanteng trabaho.

Maaari ba akong mag-aplay para sa isang pautang?

Oo, maaari kang mag-aplay para sa isang pautang sa pamamagitan ng pagbasa sa Patakaran ng Pautang sa Estudyante (Student Loan Policy), pagkumpleto sa Porma para sa Paghiling ng Pautang sa Estudyante (Student Loan Request Form) (ibalik ito sa Opisina ng Tulong Pinansyal). Kung maaprobahan, at ikaw ay nanghihiram sa unang pagkakataon kailangan mong tagpuin ang Tagapangasiwa ng Tulong Pinansyal at dumalo sa mga Pagpupulong ng Pautang.

Ako ay nag-aaral sa Kolehiyo ng Diablo Valley at Kolehiyo ng Los Medanos/Kolehiyo ng Contra Costa. Mababayaran ba ako sa dalawa o lahat ng tatlong paaralan?

Ang Kolehiyo ng Diablo Valley, Kolehiyo ng Los Medanos at Kolehiyo ng Contra Costa ay may Grupong Kasunduan tungkol sa mga estudyanteng may tulong pinansyal na nalilista sa dalawa o higit pang mga kolehiyo sa Contra Costa Community College District sa loob ng parehong akademikang taon. Tingnan ito sa Manwal ng Tulong Pinansyal. Matatanggap mo ang iyong tulong pinansyal mula sa institusyon kung saan nakalista ang mayoriya ng iyong mga yunit.

Meron ba kayong Tulong Pinansyal tuwing tag-araw na semestre?

Ang gawad Pell na Kaloob at Pederal Trabaho Paaral ay nakukuha tuwing tag-araw kung ang estudyante ay hindi nakatatanggap sa lahat ng angkop na pondo sa panahon ng Taglagas at Tagsibol sa nakaraang akademikang taon. Kailangan meron kang nakumpletong FAFSA sa talatag para maging karapat-dapat sa Pederal Trabaho-Paaral. Dapat ding mag-aplay ang mga estudyante sa kaloob na Walang Kinailangang Kabayaran sa Lupon ng Gubernador (Board of Governor's Waiver).

Gaano katagal ako maaaring tumanggap ng tulong pinansyal sa DVC?

Ang estudyante ay maaaring tumanggap ng Tulong Pinansyal sa DVC hanggang umabot siya sa 150% ng kanyang idineklarang layuning pang-edukasyon. Halimbawa, kung ang iyong layuning pang-edukasyon ay para tumanggap ng sertipiko na nangangailangan ng pagtatapos ng 24 na yunit, maaari kang tumanggap ng tulong pinansyal hanggang sa pagtatapos ng 36 na yunit (24 na yunit x 150% = 36 na yunit). Ang mga estudyanteng lumampas na sa Pinakamahabang Takda ng Panahon (tingnan ang Manwal ng Tulong

Pinansyal) ay maaaring humiling na i-apela ang pasiyang ito sa pamamagitan ng pagkaloob ng Kahilingan para sa isang Akademikang Pagsusuri.

Ako ay 18, at hindi naninirahan kasama ng aking mga magulang, bakit itinuturing pa rin akong dependiyente?

Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon, ang isang estudyante ay itinuturing na "independiyente" kung isa sa mga sumusunod na kondisyon ay natutugunan: dapat 24 na taong gulang; may asawa; may mga dependiyenteng anak o isang dependiyente kung saan ikaw ay nagsusustento ng 51% tulong pinansyal; isang ulila o alaga ng korte; isang beterano; o nagsisikap para sa isang digring mas mataas sa kolehiyo. Ito ang sitwasyon kahit na hindi ka naninirahan kasama ng iyong mga magulang at/o hindi ka nila inaangkin kapag nagbabayad ng mga buwis. Kung hindi mo natugunan ang anuman sa mga kondisyong ito at naniniwala ka pa rin na ikaw ay independiyente dahil sa isang makatwirang sirkumstansya, mangyaring pumunta sa Opisina ng Tulong Pinansyal para pag-usapan ang posibilidad sa paghiling ng Pagrerepaso sa Pagiging Dependiyente (Dependency Review).

Nakatanggap ako ng ilang mga porma sa koreo, ano ang gagawin ko sa mga ito?

Kung ikaw ay itinuturing na karapat-dapat para sa tulong pinansyal, maaaring mangailangan kang magkaloob ng dagdag na dokumentasyon para patunayan ang impormasyong ipinagkaloob mo sa iyong FAFSA. Basahin, kumpletuhin at ipagkaloob ang mga porma sa Opisina ng Tulong Pinansyal, kasama ng anumang ibang dokumentasyong hiniling gaya ng mga pormang buwis, maingat na rehistrasyon ng serbisyo, pagpapatunay ng pagkamamamayan, mga online na pagpupulong, kasama ng ibang mga porma. Kapag mas maaga mong kinumpleto at ipinagkaloob ang mga hiniling na dokumento, mas maaga kang makatatanggap ng iyong tulong pinansyal.

Ipinagkaloob ko na ang lahat ng aking papeles ng pagpapatunay sa Opisina ng Tulong Pinansyal. Ngayon ano ang gagawin ko?

Kapag ipinagkaloob na ng estudyante ang lahat ng kailangang papeles, ito ay ganap na ginagawa at sinusuri ng Tagapamahala ng Tulong Pinansyal. Ang prosesong ito ay nangyayari sa loob ng humigit-kumulang 10 araw ng trabaho. Kapag ang mga papeles ay naproseso na, ang estudyante ay tatanggap ng alinman isang "Gawad na Sulat" o isang "Mga Pagwawasto/Kulang ng Impormasyon na Sulat," na maglalahad kung ang estudyante ay may kulang na mga dokumento at/o kung ang estudyante ay kailangang gumawa ng mga partikular na pagwawasto sa kanyang mga papeles. Maaari ka ring pumunta sa Opisina ng Tulong Pinansyal para magtanong tungkol sa iyong talatag ng tulong pinansyal.

Maaari ba akong tumawag o mag-email sa Opisina ng Tulong Pinansyal tungkol sa aking talatag ng tulong pinansyal?

Maging sa telepono at sa pamamagitan ng email, maaari naming sagutin ang mga pangkalahatang katanungan tungkol sa tulong pinansyal. Gayunman, ang anumang partikular na impormasyong kaugnay sa pagtingin sa rekord ng estudyante ay dapat iniingatan sa Opisina ng Tulong Pinansyal. Dahil sa mga patakaran at pamamaraang paglilihim, hindi kami maaaring magtalakay ng personal na impormasyon ng estudyante sa telepono. Ang mga estudyante ay maaari ring pumasok sa impormasyon ng kanilang tulong pinansyal sa WebAdvisor.

Dagdag dito, ang Mga Pang-Edukasyong Karapatan ng Pamilya at Paglilihim na Batas (Family Educational Rights and Privacy Act, FERPA) ay isang pederal na batas na nagsasanggalang sa paglilihim ng mga pang-edukasyong rekord ng estudyante, kapwa pinansyal at akademika. Upang magbigay pahintulot sa mga taong gusto mong pumasok sa iyong impormasyon sa tulong pinansyal, maaari mong kumpletuhin ang isang FERPA Paglabas na Porma (FERPA Release Form) para pahintulutan ang mga indibidwal na pumasok sa iyong impormasyon ng estudyante lamang, mula sa mga rekord na pinapanatili ng Opisina ng Tulong Pinansyal sa DVC.

Ano ang Maingat na Serbisyo (Selective Service)?

Ayon sa batas, ang rehistrasyon sa Maingat na Serbisyo para sa Militar (Armed Forces) ay kailangan para sa mga lalaking nasa pagitan ng 18 at 25 taong gulang. Maaari kang maging hindi karapat-dapat para sa tulong pinansyal kung hindi ka nagpaparehistro. Ang mga rehistrasyong porma ay nakukuha sa Opisina ng Tulong Pinansyal o maaari kang magparehistro online at/o tingnan ang kinatatayuan ng iyong rehistrasyon sa www.sss.gov.

Bakit kailangan kong iulat ang aking kinita mula sa huling taon?

Ang kinita sa nakaraang taon ay ginagamit bilang bahagi ng pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat ng estudyante para sa Tulong Pinansyal. Kung kailangan ang pagpapatunay ng kinita, ang tanging mga sinauling buwis na kinukumpleto ay mula sa nakaraang taon.

Ang aming kinita ay mas mababa sa taong ito kaysa sa huling taon, ano ang maaari kong gawin?

Kung ang iyong kinita o ang kinita ng iyong magulang ay bumaba pagkaraan ng huling taon, maaari kang magkumpleto ng isang Apelang Porma sa Pagbaba ng Kinita (Reduction of Income Appeal Form). Ang mga sirkumstansya kung saan bumaba ang kinita ay

rerepasuhin upang pagpasiyahan kung ikaw ay karapat-dapat na gumamit sa kinita ng kasalukuyang taon sa halip ng kinita ng nakaraang taon sa iyong FAFSA/SAR.

Wala akong kopya ng aking mga buwis, saan ako maaaring kumuha ng kopya?

Ang kopya ng iyong mga buwis ay maaaring kunin alinman sa pamamagitan ng pagtawag sa Serbisyong Buwis ng Bayan (Internal Revenue Service, IRS) sa tel: (800) 829-1040 o nang personal sa isang lokal na Opisina ng Serbisyong Buwis ng Bayan. Ang isang opisina ng IRS ay nasa 185 Lennon Lane sa Walnut Creek.

Ano ang tipanang Pagpapayo?

Ang tipanang Pagpapayo ay isang 30 minutong pagpupulong kasama ng Akademikang Tagapayo para pagpasiyahan ang Pang-edukasyong Plano ng estudyante at ang mga kursong kailangan para kumpletuhin ang isang layuning pang-edukasyon.

Saan gawin ang aking tipanang Pagpapayo?

Ang mga tipanang pagpapayo ay maaaring gawin sa Sentro ng Pagpapayo, malapit sa Aklatan. Maaari ka ring magtakda ng tipanan sa pamamagitan ng pagtawag sa tel: (925) 685-1230 Ext. 2276 o 2278.

Paano ko malaman kung kumpleto na ang aking talatag?

Malalaman mo na kumpleto na ang iyong talatag sa pagtanggap ng Gawad na Sulat. Maaari mo ring tawagan o puntahan ang Opisina ng Tulong Pinansyal.

Ano ang isang Gawad na Sulat?

Malalaman mo na kumpleto na ang iyong talatag sa pagtanggap ng Gawad na Sulat. Ang Gawad na Sulat ay isang paunawa sa uri at halaga ng Tulong Pinansyal na ipinagkaloob para sa estudyante. Ang mga halaga ng Tulong Pinansyal na Kaloob ay ibinatay sa ganap (12 yunit o higit pa) na pagpapalista para sa semestre.

Kailangan bang magpalista bilang isang ganap na estudyante (12 yunit o higit pa) para makatanggap ng Tulong Pinansyal?

Hindi. Ang mga kabayaran ay ibinabagay nang naaayon para sa tatlong-kapat, kalahating-panahon at mas mababa sa kalahating-panahon na pagpapalista. Ang mga estudyanteng nagpapalista nang mas mababa sa kalahating-panahon (6 na yunit) ay hindi karapat-dapat para sa CalGrant, mga pautang sa estudyante, SEOG, ACG, at Pederal Trabaho-Paaral. Gayunman, ang lahat ng estudyante ay hinihimok na kumpletuhin ang FAFSA Aplikasyong porma at ang Aplikasyon para sa Walang Kinailangang Kabayaran sa Lupon ng Gubernador para pagpasiyahan ang pagiging karapat-dapat.

Ano ang Patakaran sa Makatwirang Akademikang Pag-unlad?

Ang mga patakaran sa Makatwirang Akademikang Pag-unlad ay ang mga pangangailangang dapat tugunan ng lahat ng tumatanggap ng tulong pinansyal upang ituring na nasa "Makatwirang Kinatatayuan (Satisfactory Status)." Ito ay nasa Manwal ng Tulong Pinansyal. Ito ay naglalakip sa pagkumpleto sa kinailangang bilang ng mga yunit bawat semestre, iyon ay, 67% ng bilang ng mga yunit na sinubukan sa isang minimong semestre at pinagsamang GPA na 2.0. Ayon sa Patakaran ng Pagtanggap sa DVC: kung umurong ka mula sa mga klase bago maganap ang 25% ng pagtuturo (bago ang huling petsa ng pag-urong para hindi makatanggap ng "W"), ang mga yunit na ito ay hindi iuulat.

Kapag tumigil ako ng isang klase, makakaapekto ba ito sa aking tulong pinansyal?

Maaari kang tumigil ng isang klase, ngunit bago mo ito gawin siguraduhing nalilista ka pa rin sa 67% ng bilang ng mga yunit na iyong sinubukan. Tingnan ang Patakaran sa Makatwirang Akademikang Pag-unlad at ang Makatwirang Akademikang Pag-unlad na Grid para makita kung ikaw ay nagkukumpleto sa 67% o higit pa sa lahat ng yunit na iyong sinusubukan.

Kapag tumigil ako ng isang klase, kakailanganin ko bang bayaran muli ang pera?

Kakailanganin mong bayaran muli ang bahagi ng pera kung ganap mong inurong bago ang 60% ng katapusan ng semestre.

Ano ang Tulong Pinansyal na Pagsubok (Financial Aid Probation)?

Ang Tulong Pinansyal na Pagsubok ay ang kinatatayuang nakukuha ng estudyante na ang semestre at/o pangkalahatang GPA ay mas mababa sa 2.0 o ang pangkalahatang antas ng pagtapos ay mas mababa sa 67% ng mga yunit na sinubukan. Ang mga Estudyanteng nasa Tulong Pinansyal na Pagsubok ay magiging karapat-dapat na tumanggap ng mga gawad para sa kasunod na yugto lamang at magpapatuloy na tumanggap ng tulong pinansyal kung magkamit ng Makatwirang Akademikang Pag-unlad sa loob ng kasunod na yugto. Ang estudyante ay hindi karapat-dapat na tumanggap ng pautang sa semestreng sila ay nasa Tulong Pinansyal na Pagsubok.

Paano ko maialis ang Tulong Pinansyal na Pagsubok?

Para maialis ang Tulong Pinansyal na Pagsubok, kailangan mong kumpletuhin ang hindi bababa sa 67% ng bilang ng mga yunit na sinubukan at kunin ang isang semestre at pinagsamang GPA na hindi bababa sa 2.0 sa semestreng ikaw ay inilagay sa Tulong Pinansyal na Pagsubok. Mangyaring tingnan ang Patakaran sa Makatwirang Akademikang Pag-unlad (tingnan ang Manwal ng Tulong Pinansyal).

Ano ang Tulong Pinansyal na Pagsususpinde?

Ang estudyante ay inilalagay sa Tulong Pinansyal na Pagsususpinde kapag ang kasunod na semestre ng hindi pagtugon sa mga kondisyon ng Makatwirang Akademikang Pag-unlad ay hindi natutugunan (2 magkasunod na semestre sa Tulong Pinansyal na Pagsubok). Dagdag dito, ang estudyante ay inilalagay sa Tulong Pinansyal na Pagsususpinde kung ang estudyante ay umabot sa Pinakamahabang Takda ng Panahon. Ang estudyante ay umaabot sa Pinakamahabang Takda ng Panahon kapag nasubukan niya ang higit sa 150% ng mga yunit na kailangan para kumpletuhin ang kanyang mayoriya at/o layuning pang-edukasyon (150% pagtatapos ay naglalakip sa lahat ng nakaraang kursong sinubukan, kahit na hindi natanggap ang tulong pinansyal). Ang estudyanteng nasa Tulong Pinansyal na Pagsususpinde ay hindi kaarapat-dapat para sa anumang Tulong Pinansyal hanggang ang kinatatayuang ito ay naialis sa pamamagitan ng pagkumpleto ng kahit isang yugto ng mga kondisyon sa Makatwirang Akademikang Pag-unlad at pagkakaroon ng pinagsamang GPA na 2.0 o mas mataas. Ang estudyante ay maaaring pumiling mag-apela sa kanyang kinatatayuang Tulong Pinansyal na Pagsususpinde sa pamamgitan ng pagkumpleto ng Apelang Porma kung siya ay may naranasang dokumentado na mga makatwirang sirkumstansya.

Paano ibinibigay ang Tulong Pinansyal? Sabay at bigla lang ba akong makakakuha ng pera?

Ang mga Tulong Pinansyal na gawad gaya ng Pell na Kaloob, FSEOG, Cal na Kaloob at mga pautang ng Stafford ay ibinibigay sa uring tseke. Ang mga kabayarang Pell na kaloob ay ibibigay nang dalawang beses sa isang semestre; 25% sa unang linggo ng pasok at 75% sa ikalimang linggo ng pasok. Ang CalGrant, SEOG, at ACG ay ibibigay sa katapusan ng ikalimang linggo ng semestre. Ang mga tseke ng pautang ay ibinibigay sa humigit-kumulang ikatlong linggo ng pasok maliban kung ikaw ay nanghihiram sa unang pagkakataon, kung saan ang tseke ay ibibigay 30 araw mula sa panahong ang pautang ay ipinagkaloob. Ang kabayarang Pederal Trabaho-Paaral ay ibibigay ng Opisina ng Kahera sa ika-10 ng buwan.

Maaari ko bang kunin ang aking tseke?

Hindi, lahat ng tseke ng Tulong Pinansyal ay ikinokoreo sa kasalukuyang tirahan ng estudyante sa databse ng DVC. Responsibilidad ng estudyante ang maniguro na ang tirahang nasa talatag ay wasto. Mangyaring tingnan sa mga Pagtanggap at Rekord para tiyakin o gawin ang anumang mga pagbabago sa iyong tirahan.

Ano ang bumubuo sa isang "ganap na sekondaryang programang pag-aaral ng paaralan"?

Ang mga sumusunod ay bumubuo sa isang "ganap na sekondaryang programang pag-aaral ng paaralan":

1. **Ang California Golden State Seal Merit Diploma**

2. **Isang pangkat ng mga kursong katulad sa State Scholars Initiative.** Ang programang pag-aaral na ito ay nangangailangan ng mga pasadong grado sa mga sumusunod:

- Apat na taon ng Ingles;
- Tatlong taon ng Matematika (lakip ang Algebra I at isang kursong mas mataas ang antas gaya ng Algebra II, Geometry, o Pagsusuri ng mga Datos at Estadistika);
- Tatlong taon ng Agham (lakip ang hindi bababa sa dalawang kurso mula sa biyolohiya, kimika o pisika);
- Tatlong taon ng panlipunang pag-aaral; at
- Isang taon ng wikang banyaga.

3. **Mas Mataas na Paglalagakang (Advanced Placement, AP) o Internasyonal Baccalaureate (IB) na mga kurso at iskor ng pagsusulit.** Ang programang ito ay nangangailangan ng minimong dalawang Mas Mataas na Paglalagakang (AP) o Internasyonal Baccalaureate (IB) na mga kurso sa mataas na paaralan at isang minimong pasadong iskor sa mga pagsusulit para sa mga klaseng iyon. Ang mga estudyante ay dapat makakuha ng 3 o mas mataas na iskor sa AP na mga pagsusulit at 4 o mas mataas sa IB na mga pagsusulit.

4. **A-G Mga Kondisyon ng California.** Ang programang ito ay nakukuha sa mga estudyanteng natatapos sa karaniwang mga kondisyon ng kurso para sa A-G mga kondisyon sa pagtanggap sa UC o CSU, o natatapos sa ibinagay na bersyon ng A-G mga kondisyon sa pagtaggap sa UC at CSU, kung saan ang isang taong-haba, trabaho teknikal na edukasyong kurso na tumutugon o lumalampas sa ganap na mga pamantayan ng nilalaman sa akademika, na inaprobahan ng Lupon ng Edukasyon ng Estado (State Board of Education) ay maaaring humalili para sa isa sa mga kursong nabibilang tungo sa pagtatapos ng kondisyong "G".

- **A. Kasaysayan/Panlipunang Agham:** 2 taon ang kailangan. Dalawang taon ng kasaysayan/panlipunang agham na pinili mula sa kasaysayan ng mundo, mga kultura at heograpiya; kasaysayan ng U.S.; o, isang kombinasyon ng Kasaysayan ng U.S., pamahalaang Amerikano/sibika, at ekonomika kapantay sa isang taon; at

- **B. Ingles:** 4 na taon ang kailangan. Apat na taon ng paghahanda-para-sa-kolehiyo na Ingles na naglalakip ng madalas at palagiang pagsusulat, at pagbabasa ng klasiko at modernong literatura. Hindi hihigit sa isang taon ng ESL-na-uri ng mga kurso ang maaaring gamitin para tugunan ang kondisyong ito; at

- **C. Matematika:** 3 taon ang kailangan. Tatlong taon ng paghahanda-para-sa-kolehiyo na Matematika na naglalakip sa mga paksang tinalakay sa elementarya at mas mataas na algebra, at dalawa- at tatlong-dimensyonal na geometry. Ang mga aprobadong pinagsamang matematika ay maaaring gamitin para tugunan ang bahagi o lahat ng kondisyong ito; at

- **D. Laboratoryong Agham:** 2 taon ang kailangan. Dalawang taon ng laboratoryong agham na pinili mula sa biyolohiya, kimika, pisika, o pisikal na agham. Ang mga mas mataas na klase ng laboratoryong agham na may biyolohiya, kimika o pisika bilang mga pangunahing kondisyon at nag-aalay ng mahalagang karagdagang materyal ay maaaring gamitin para tugunan ang kondisyong ito. Dalawang taon ng isang aprobadong programa ng pinagsamang agham ay maaaring gamitin para tugunan ang kondisyong ito; at
- **E. Wika maliban sa Ingles:** 2 taon ang kailangan. Dalawang taon ng parehong wika maliban sa Ingles. Ang mga kurso ay dapat nagpapahalaga sa pagsasalita at pag-

uunawa, at naglalakip ng pagtuturo sa gramatika, talasalitaan, pagbabasa, komposisyon at kultura; at

- **F. Biswal at Pagganap na Sining:** 1 taon ang kailangan. Isang taong-haba ng aprobadong kurso sa sining mula sa isang disiplina ng VPA: sayaw, drama/teatro, musika o biswal na sining. Ang mga kursong ginagamit para tugunan ang kondisyong ito ay dapat naaangkop sa limang pamantayan ng Estado para sa masining na persepsyon, malikhaing ekspresyon, makasaysayan at pang-kulturang konteksto, biswal na pagpapahalaga (aesthetic valuing), at mga koneksyon, mga relasyon at aplikasyon; at

- **G. Mga Di-ubligado na Paghahanda sa Kolehiyo (College Preparatory Electives):** 1 taon ang kailangan. Isang taon, dagdag sa iyon na kailangan sa “A-F” sa itaas, pinili mula sa sumusunod na mga larangan: biswal at pagganap na sining (mga kursong hindi panimula ang antas), kasaysayan, panlipunang agham, Ingles, mas matass na matematika, laboratoryong agham at wika maliban sa Ingles (ikatlong taon sa wikang ginamit para sa kondisyong "E" o dalawang taon ng isa pang wika).